



PATNUBAY SA MISA



14 Pebrero 2016

Unang Linggo ng Kuwaresma

Taong K

LINGGO NG MGA MANDARAYUHAN

Pagsugpo sa Kasamaan sa Bisa ng Salita ng Diyos

Ipinaalaala sa atin ngayong Unang Linggo ng Kuwaresma na ang buhay ay isang tuwinang pakikipagtunggali laban sa demonyo. Ngunit inaasahang haharapin natin ang bukal ng lahat ng sama sa bisa ng Salita ng Diyos at sa ating kapasiyahang manatiling laging tapat sa Diyos. Makahahango tayo ng lakas sa pagtatagumpay ni Hesus sa lahat ng tukso upang tangihin natin ang ano mang pakikipagkasundo sa demonyo.

Ngayon din ay ang ika-30 Pambansang Linggo ng mga Mandarayuhan, isang araw na ipinag-aanyaya ng Simbahan upang alalahanin natin nang buong pagmamahal at malasakit ang ating mga kapatid na nangibang bansa para makapagtrabaho. Ipatungkol natin ang atin ngayong tanging pagmamahal at dasal para sa lahat ng mandarayuhan at mga kababayang manggagawang nangibang bayan, gayundin ang kani-kanilang mahal sa buhay.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Kapag ako'y tinawagan, kaagad kong pakikingan upang aking matulangang magkamit ng kaligtasan, dangal, at mahabang buhay.

Pagbati

P –Ang biyaya't kapayapaang buhat sa Diyos Ama, Panginoong Hesukristo, at Espiritu Santo ay sumainyong lahat!
B –At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P –Sa paggunita natin sa tagumpay ni Kristo laban sa demonyo, alalahanin natin ang maraming ulit nating pagsuko sa tukso, at

idalangin natin sa Panginoon ang Kanyang pagpapatawad. (*Manahimik sandali.*)

P –Para sa mga pagkakataong tayo'y napadaig sa mga tukso ng pagpapakalayaw, katamaran, at materiyalismo, Panginoon, kaawaan mo kami!

B –Panginoon, kaawaan mo kami!

P –Para sa mga pagkakataong kami'y naging mapaghangad at mapagmataas, Kristo, kaawaan mo kami!

B –Kristo, kaawaan mo kami!

P –Para sa mga pagkakataong inilantad namin sa panganib ang aming mga katawan at kaluluwa, Panginoon, kaawaan mo kami!

B –Panginoon, kaawaan mo kami!

P –Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnu-

bayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B – Amen!

Panalanging Pambungad

P –Ama naming makapangyarihan, sa taun-taong pagdiriwang ng paghahandang apatnapung araw para sa Pasko ng Pagkabuhay, kami nawa ay lalong umunlad sa pagtuklas sa hiwaga ng tagumpay ni Kristo upang masundan namin siya sa pamumuhay na marangal bilang aming Tagapamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa Deut 26:4-10
Tuwing anihan taun-taon,

nagpapasalamat ang mga Israelita sa Panginoon para sa lahat ng Kanyang kagan-dahang-loob sa kanila. Nag-aalay sila ng mga unang bunga ng kanilang ani at dinarasal ang "Pananampalatayang" taglay sa unang pagbasa para ngayon.

L—Pagpapahayag mula sa Aklat ng Deuteronomio

Sinabi ni Moises sa bayan: "Ang mga unang bungang inyong iaalay ay kukunin ng saserdote at ilalagay sa harap ng altar. Pagkatapos ay saysayin ninyo ito sa harapan ng Panginoon:

'Isang pagala-galang Arameo ang aming ninuno. Maliit ang kanyang sambayanan nang magpunta sila sa Egipto upang doon makipamayan. Ngunit dumating ang panahon na ang angkan niya'y naging malaki at makapangyarihang bansa. Hindi mabuti ang ginawang pakikitungo sa amin ng mga Egipcio. Pinahirapan nila kami at inalipin. Kaya, dumulog kami sa inyo, Panginoon, Diyos ng aming mga ninuno. At dininig ninyo kami. Nakita ninyo ang aming pag-durusa, ang kahirapan at kaapihang dinaranas. Sa pamamagitan ng inyong kapangyarihan, ng mga kakila-kilabot na gawa at mga kababalaghan, inalis ninyo kami sa Egipto at dinala sa lupaing itong sagana sa lahat ng bagay. Kaya, narito ngayon, Panginoon, ang unang bunga ng aming mga pananim sa lupaing ibinigay mo sa amin.'

Pagkasabi noon, ang dala ninyo'y ilalapag sa harap ng altar, saka kayo luluhod upang sambahin ang Panginoon."

Ang Salita ng Diyos!

B—Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan *Awit 90*

B—*Poon ko, ako'y samahan sa dusa at kahirapan!*

R. M. Velez



* Siyang naghahangad ng pagkukup ng Kataas-taasan, at nananatili sa kalinga niyong Makapangyarihan; makapagsasabi sa kanyang Panginoon.

noon: "Muog ka't tahanan, ikaw ang aking Diyos, ang Diyos na tangi kong pinagtiwalaan." **B.**

* Di mo aabuting ika'y mapahamak, at walang daratal kahit anong uring mga paghihirap sa iyong tahanan. Susuguin niya ang maraming anghel, sila'ng susubaybay, kahit saang dako ikaw maparoon, tiyak iingatan. **B.**

* Sa kanilang palad ay itatayo ka't, sila'ng magtataas nang hindi masakitan ang mga paa mo sa batong matalas. Kahit ang tapakan mo ay mga leon, ahas na mabagsik, di ka maaano sa mga serpiyente't leong mababangis. **B.**

* Ang sabi ng Diyos, "Aking ililigtas ang tapat sa akin, at iingatan ko ang sino mang taong ako'y kikilalanin. Pag sila'y tumawag, laging handa ako na sila'y pakinggan, aking sasamahan at kung may hilahil ay sasakloloan; aking ililigtas at ang bawat isa ay pararangalan." **B.**

Ikalawang Pagbasa *Ro 10:8-13*

Ayon kay San Pablo, ang tunay na sumasampalataya ay matibay na nananalig sa kanyang puso, walang takot na nagpapahayag ng kanyang pananampalataya, at namumuhay alinsunod dito.

L—Pagpapahayag mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Roma

Mga kapatid: Ito ang sinasabi ng Banal na Kasulatan, "Malapit sa iyo ang salita, nasa iyong mga labi at nasa iyong puso," ibig sabihin'y ang salitang ipinangangaral namin tungkol sa pananampalataya.

Kung ipahahayag ng iyong mga labi na si Hesus ay Panginoon at mananalig ka nang buong puso na siya'y muling binuhay ng Diyos, maliligtas ka. Sapagkat nananalig ang tao sa pamamagitan ng kanyang puso at sa gayo'y napawawalang-sala; at nagpapahayag sa pamamagitan ng kanyang labi at sa gayo'y naliligtas. Sinasabi ng Kasulatan, "Hindi mabibigo ang sinumang nananalig sa kanya."

Walang pagkakaiba ang katayuan ng Judio at ng Griego. Iisa ang Panginoon ng lahat at siya ang nagkaka-loob ng kanyang kayamanan sa lahat ng tumatawag sa kanya. Sapagkat sinasabi sa Kasulatan, "Maliligtas ang lahat ng tumatawag sa pangalan ng Panginoon."

Ang Salita ng Diyos!

B—Salamat sa Diyos!

Awit-pambungad sa Mabuting Balita *Mt 4:4b*

B—*(Luwalhati at papuri sa iyo, Panginoong Hesukristo!)*

Ang tao ay nabubuhay hindi lamang sa tinapay kundi sa Salitang mahal mula sa bibig na banal ng Ama nating Maykapal.

(Luwalhati at papuri sa iyo, Panginoong Hesukristo!)

Mabuting Balita *Lu 4:1-13*

Ang pagtatagumpay ni Hesus ay dahil sa kanyang katapatan sa Plano ng Ama para sa kanya. Ito ay isang dakilang halimbawang dapat nating tularan.

P—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas

B—Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, umalis si Hesus sa Jordan, puspos ng Espiritu Santo. Dinala siya ng Espiritu doon sa ilang, at sa loob ng apatnapung araw ay tinukso ng diyablo. Hindi siya kumain sa buong panahong iyon, kaya't gutom na gutom siya.

Sinabi sa kanya ng diyablo, "Kung ikaw ang Anak ng Diyos, iutos mo na maging tinapay ang mga batong ito." Ngunit sinagot siya ni Hesus, "Nasusulat, 'Hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao.'" Dinala siya ng diyablo sa isang napakataas na lugar at sa isang saglit ay ipinakita sa kanya ang lahat ng kaharian ng sanlibutan. "Ibibigay ko sa iyo ang lahat ng kapangyarihan at kadakilaan ng mga kahariang ito," wika ng diyablo. "Ipinagkaloob ito sa akin at maibibigay ko sa kaninumang ibigin ko. Kaya't kung ako'y sasambahin mo, magiging iyong lahat ito." Sumagot si Hesus, "Nasusulat, 'Ang iyong Diyos at Panginoon ang sasambahin mo, at siya lamang ang iyong paglilingkuran.'" At dinala siya ng diyablo sa taluktok ng templo ng Jerusalem, at sinabi sa kanya, "Kung ikaw ang Anak ng Diyos, magpatihulog ka, sapagkat nasusulat, 'Ipagbibilin niya sa kanyang mga anghel na ingatan ka' at Aalalayan ka nila, upang hindi ka matisod sa bato.'" Subalit sinagot siya ni Hesus, "Nasusulat, 'Huwag mong subukin ang Panginoon mong Diyos!'"

Pagkatapos siyang tuksuhin ng diyablo sa lahat ng paraan, ito'y umalis at naghintay ng ibang pagkakataon.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

P–Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P–Sa buhay natin ay napakaraming tukso, at kung minsan, tayo’y natitod sa nadarapa. Buong pagpapakumbaba at pagtitiwalang hilingin natin sa Panginoon ang biyayang pahalagahan natin ang ating pananagutan at misyon sa buhay na tulad ng ginawa ni Hesus. Tugon natin ay:

B–Panginoon, pakadinggin mo kami!

* Para sa Simbahang Panlahat: Nawa manatili siyang tapat sa kanyang misyong magpahayag at magbigay-saksi sa Ebanghelyo sa kabila ng kahinaan ng marami niyang kasapi. Manalangin tayo!

B.

* Para sa Santo Papa, ating Obispo, at lahat ng pinunong relihiyoso: Itaguyod nawa nila ang mga pagpapahalagang espiritual sa harap ng patuloy na panunulig sa ng materyalismo, kalayawan, at komersiyalismo. Manalangin tayo!

B.

* Para sa mga Pilipinong lumipat sa lunsod buhat sa kani-kanilang probinsiya sa hangad kumita nang malaki-laki: Nawa maluwag silang tanggapan ng kapwa nila Pilipino

at tulongan silang makakuha ng trabaho. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa lahat ng mga kababayan nating nangibang bansa para magtrabaho, lalo na yaong nasa di-Kristiyanong bayan: Nawa patuloy nilang itangi ang mga pagpapahalagang Pilipino at mamuhay alinsunod sa mga turo ng pananampalatayang Katoliko. Manalangin tayo!

B.

* Para sa lahat ng naglilingkod sa ating mga mandarayuhan – mga kapelyan, manggagawang panlipunan, at mga pinuno ng pamahalaan: Nawa tapat silang magsikap sa mabuting paglilingkod sa kabila ng maraming balakid. Manalangin tayo!

B.

* Para sa lahat ng kasapi ng ating pamayanan, lalo na ang mga pamilyang napipinsala ng pandarayuhan: Ang Panginoon nawa ay siya nating laging pinakadakilang kaibigan at kasiyahan. Manalangin tayo!

B.

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga sariling kahilingan. (*Tumigil sandali.*)

Manalangin tayo!

B.

P–Panginoong Diyos, bukal ng aming pag-asa at kaligtasan, panatilihin Mo kaming laging tapat sa Iyo sa lahat ng pagsubok at tukso upang makabahagi kami sa tagumpay ni Kristong Iyong Anak na nabubuhay at naghahari nang walang hanggan.

B–Amen!

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN



P–Manalangin kayo. . .

B–Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P–Ama naming Lumikha, gawin mong kami’y maging marapat maghain sa pagdiriwang namin ngayon ng pagsisimula ng banal na panahon ng apatnapung araw na paghahanda para sa Pasko ng Pagkabuhay sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B–Amen!

Prepasyo

P–Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Ang kanyang apatnapung araw na pagtitiis ng kagutuman ay nagbibigay-kahulugan sa panahong ito ng pagpapakasakit para sa kapwa tao. Ang pagtalikod niya sa taksong maging makasarili ay nagtuturo sa aming harapin ang pagpapakabuti upang kaisa niya’y maging malaya kami sa pagdulog sa hapag ng huling hapunan na siyang hantungan ng lahat sa kalangitan.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami’y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B–Santo, santo, santo . . .

Pagbubunyi

B–Aming ipinahahayag na namatay ang ‘yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.

PAKIKINABANG



B–Ama namin . . .

P–Hinihiling namin . . .

B–Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B–Kordero ng Diyos . . .

Paanyaya sa Pakikinaabang

P–Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B–Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinaabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Lililima’t lulukuban ng bagwis n’yong malalabay ang kinakalingang tunay ng Poong D’yos nating banal, tapat at maaasahan.

Panalangin Pagkapakinabang

P –Ama naming mapagmahal, kaming pinapakinabang mo sa pagkaing iyong bigay ay tumanggap ng pampalakas ng pananampalataya, pampatibay ng pag-asa, at pampaalab ng pag-ibig. Matutuhan nawa naming damahin ang gutom at pananabik sa tunay na pagkaing nagbibigay-buhay upang kami’y makapamuhay sa bawat salita na namumutawi sa iyong bibig sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B –Amen!

PAGWAWAKAS



P –Sumainyo ang Panginoon.

B –At sumaiyo rin!

P –Magsiyuko kayo habang igi-nagawad ang pagbabasbas. (Tumahimik sandali.)

Sa pagsisimula ninyo sa Panahon ng Kuwaresma, bigyan nawa kayo ng Panginoon ng lakas sa harap ng tukso.

B –Amen!

P –Dalisayin nawa ng Panginoon ang inyong mga kahilingan.

B –Amen!

P –Puspusin nawa kayo ng sagana Niyang pagpapala.

B –Amen!

P –Pagpalain kayo ng makapang-yarihang Diyos: Ama at Anak at Espiritu Santo.

B –Amen!

P –Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalin at paglingkuran ang Panginoon.

B –Salamat sa Diyos!



Mga Suliraning Panlipunan sa Pangigingbang Bayan –Mabigat na Pagkabagabag ng Simbahan

Dahil sa kahirapan at kakulangan ng disentang trabaho sa bayan, iniuulat na ang mga Pilipino sa ibang bansa ay umaabot na sa higit sa 8 milyon, o mga 10% ng ating populasyon. Di maitatangi ang katotohanan tungkol sa positibo nitong epekto sa mga pamilya ng mga migrante. Nakatutulong ito sa maraming magulang para magag-aral nila ang kanilang mga anak, makalaspag ng bahagya mang ginhawa sa buhay dahil sa kitang dolyar. Sa isang masaklaw na pagtanaw, inaamin ng pamahalaang ang mga padalang dolyar bunga ng pangigingbang bayan ng ating mga manggagawa ay nakatutulong nang malaki sa kasiglahan ng ating ekonomiya. Kaya nga, ang mga Pilipinong migranteng manggagawa ay binansagan nang “*mga makabagong bayani.*”

Kinikilala ng Simbahan ang ganitong magandang bunga ng pangigingbang bayan. Ngunit patuloy rin niyang tinitingnang lalong mabuti ang mga suliraning panlipunang nakapipinsala sa bayan, at lalo na, sa mga pamilya. Halimbawa, ang bilang ng mga Pilipinong nabiktima ng mga ahenteng walang konsiyensiya, *illegal recruitment*, at iba pang anyo ng pagsasamantala ay wala pa ring tigil. Ang pagsama ng kababaihan sa ganitong pangigingbang bayan ay nakaapekto lalo na sa mga anak na naiwan at napagkakaitan ng masuyong pag-aalaga ng kani-kanilang ina. Kung magkaminsa’y nariyan din ang nasisirang sistema ng mga pampamilyang pagpapahalaga. Kadalasan pa nga’y naipagpapalit ang kalinga ng magulang sa mga gantimpalang salapi at mga gamit na materyal – bagay na ikinapagiging tamad at materyalistiko ng ilan sa kabataan. Bukod dito, ang matagal na pagkakalayo ng mag-asawa ay nakapagpapahina rin sa dapat magbuklod sa kanila. Ilan sa malamang na ibunga ng pangigingbang bayan ay paglalayo ng damdamin sa isa’t isa, pagkakasira ng mag-asawa, at tuluyang pagguho ng pamilya. Di na rin halos mapag-usapan ang mga Pilipinong manggagawa

sa ibang bansa na umuwing nasiraan na ng bait dahil di na nila nakayanan ang pagtrabaho o paninirahan sa ibang bansa. Ang iba’y iniuuwing nakakahon na lamang, habang may iba pa ring nagkakasakit sanhi ng kanilang pagtrabaho, o kaya’y dahil sa kinatatakutang *HIV* o *AIDS*. Ang kalakhan ng lahat ng ganitong suliraning panlipunan ay nananatili pa ring di matiyak sa kasalukuyang henerasyon habang patuloy ang lipunan sa pagtingin sa pangi-ngibang bayan ng mga Pilipino buhat lamang sa pananaw na pangkabuhayan.

Ginaganyak tayong lahat ng Tagubilin ng Simbahan sa kanyang *Erga Migrantes Caritas Christi* o *The Love of Christ for Migrants* na tingnan ang pangigingbang bayan ngayon ng mga mata ng pananampalataya. Ang tingin ng Simbahan sa mga migrante ay tuwinang kalarawan ni Kristong nagsabi, “Ako’y isang dayuhan at inyong pinatuloy” (*Mt 25:35*). Kaya nga, ang kundisyon nila’y isang hamon sa pananampalataya at pagmamahal ng mga mananampalatayang tinatawagan para pagalingin ang mga samang dulot ng pangigingbang bayan at tuklasin ang plano ng Diyos sa pangigingbang bayan sa kabila ng kawalan ng katarungan. (*Erga Migrantes Caritas Christi*, 12)

Ngayong ika-27 na Pambansang Linggo ng mga Mandarayuhan, tayong bayan ng Diyos ay hinahamong kumilos tungo sa pagtupad sa gayong tagubilin ng Simbahan. Inaanyayahan tayong makiisa sa pagpapakita ng ating pag-ibig sa mga mandarayuhan at kani-kanilang pamilya sa ating mga pamilyanan. Sama-sama nating ipagdasal at tulung-tulong nating supguin ang mga samang panlipunan ng pangigingbang bayan na unti-unting sumisira sa mga pagpapahalaga at lakas ng Pilipinong pamilya, na mahalagang selula ng lipunan. Mumunti man nating pagsisikap, kapag nagsama, ay ikatutupad din ng *Erga Migrantes Caritas Christi*.

– **CBCP-Episcopal Commission for the Pastoral Care of Migrants and Itinerant People (ECMI)**



**WORD & LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

E-mail: marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

Editorial Team: Fr. S. Putzu, C. Valmonte, Sr. F. Santos, SMI, G. Ramos, R. Molmog, D. Dagui, V. David • Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: F. Edjan